



REPUBLIKA NG PILIPINAS
DAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSDOD NG MALOLO

M E N S A H E

Malugod na binabati ng inyong lingkod ang Batch 2018!

Kahalintulad ng mga butil na ipinunla sa bukid at masikhay na itinaguyod ng dalisay na pagpapagal, at kalauna'y naging suhay na maringal na sumibol at nagtaglay ng mga ginintuang palay, ang inyong pagtatapos ang masaganang anihan ang tampok na kaganapang batid kong malaon na ninyong kinasasabikan, maging ng inyong mga guro at magulang. Ang mga binhi ng kaalamang masikhay na itanim sa inyo ng inyong mga guro at magulang ay unti-unti nang nagbubunga ng karunungan magpapadalisay sa katangian ninyong taglay at sa huli ay guguhit sa inyong mga pagkatao.



Bagaman payak at salat sa anumang palamuti, ang diplomang inyong tataglayin sa araw ng inyong pagtatapos ay higit pa sa anumang mamahaling hiyas na kapagdaka'y may kinang na nagmamaliw, sapagkat sinasagisag nito ang inyong tagumpay sa larangan ng akademikong pakikibaka na sa kasalukuyan ay ang pinakamatingkad na pagkilalang nakakabit sa inyong mga pangalan.

Batid ng inyong lingkod na masalimuot at hitik sa dusa ang landas na inyong tinahak sa mahabang panahon upang ganap ninyong matalas ang hiwaga ng agham, kasalimuutan ng matematika, karikitan ng panitikan at makulay na pahina ng kasaysayan. Subalit higit pa sa mga paksaang ito, masikhay ring itinaguyod ng ating mga paaralan at dalubhasaan na mamulat ang inyong kamalayan sa mga kagandahang asal at mabuting pag-uugali na bahagi rin ng mga araling bumubuo sa dekalidad na edukasyon. Taglay ang kalayaan at edukasyon, bawat isa sa inyo ay may kapangyarihan at kakayahan na suungin ang anumang hamon ng buhay upang sa huli ay maiguhit sa kalangitan ang inyong mga tala ng magandang kapalaran.

Ang araw din ng inyong pagtatapos ay hindi lamang kaganapan ng inyong mga pangarap, sampu ng inyong mga guro at magulang, bagkus ay kapurihan ding higit na magpapatingkad sa kadakilaan ng Lalawigan ng Bulacan na buong pagmamalasakit na tutunghay sa inyong patuloy na paglago sa malapit na hinaharap.

Sa diwang ito ay taimtim pong binabati ng inyong lingkod ang ating mga minamahal na mag-aaral na nagsipagtapos sa Taong Panuruan 2017-2018.

Maraming salamat.

Mabuhay ang mga kabataang Bulakenyo!

WILHELMINO M. SY-ALVARADO
Punong Lalawigan

